

# Kung Paano Pagkukumparahin ang mga Paaralan sa Dashboard



Maaaring gamitin ng mga magulang ang 2024 Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) upang subaybayan kung paano tinutugunan ng paaralan ng kanilang anak ang mga pangangailangan ng lahat ng estudyante. Maaari din nilang pagkumparahin ang pagganap ng kanilang paaralan sa pagganap ng iba pang mga paaralan sa loob ng distrito. Ang mga tool na ito ay tumutulong sa mga magulang na makilahok sa proseso ng pagpapabuti ng paaralan gamit ang data upang simulan ang pag-unawa sa magagandang katangian at pangangailangan sa kanilang paaralan at distrito.

## Mga Tagubilin sa Pag-access ng mga Feature ng Pagkukumpara

1. Maa-access ang Dashboard ng website sa <https://www.caschooldashboard.org/>.
2. Para pagkumparahin ang mga resulta ng lahat ng paaralan **sa loob ng iyong distrito**, ilagay ang pangalan ng distrito sa search bar na **Hanapin ang Paaralan o Distrito**. Pagkatapos ay piliin ang taon.

**Alamin ang mga impormasyon tungkol sa iyong lokal na paaralan at distrito.**

Hanapin Paaralan o Distrito  Malapit Siyudad o County  2023

3. Kapag napili ang isang distrito, ipapakita ang pagganap nito sa estado at lokal na magsukat.

|                                             |                                |                                                                                                                |                                                                                      |
|---------------------------------------------|--------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------|
| <b>Sining ng Wikang Ingles</b><br><br>Berde | <b>Matematika</b><br><br>Kahel | <b>Mga Pangunahin: Mga Guro, Mga Materyales sa Pagtuturo, Mga Pasilidad</b><br><b>NATUGUNAN ANG PAMANTAYAN</b> | <b>Pagpapatupad ng mga Akademikong Pamantayan</b><br><b>NATUGUNAN ANG PAMANTAYAN</b> |
|---------------------------------------------|--------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------|

4. Ang opsyon na **Tingnan ang Lahat ng Paaralan** ay nagpapakita ng mga resulta para sa lahat ng mga paaralan sa loob ng distrito.

**Tingnan ang Lahat ng Paaralan**

5. Kapag napili na ang button na **Tingnan ang Lahat ng Paaralan**, ang pagganap ng bawat paaralan sa naaangkop na mga sukat ng estado—tulad ng Paulit-ulit na Pagliban, Sining ng Wikang Ingles, Antas ng Suspensyon, at Matematika—ay ipapakita, gaya ng tinukoy sa ibaba.

|                                             |                                             |                                         |                                |
|---------------------------------------------|---------------------------------------------|-----------------------------------------|--------------------------------|
| <b>Paulit-ulit na Pagliban</b><br><br>Kahel | <b>Sining ng Wikang Ingles</b><br><br>Berde | <b>Antas ng Suspensyon</b><br><br>Dilaw | <b>Matematika</b><br><br>Dilaw |
|---------------------------------------------|---------------------------------------------|-----------------------------------------|--------------------------------|

6. Gamitin ang mga pagpipilian sa pagsasaayos sa Dashboard upang ayusin ang

- lahat ng paaralan sa distrito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod (pataas o pababa); o
- sa pamamagitan ng isang tiyak na sukat ng estado ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagganap.

7. I-filter ang mga ulat (sa ilalim ng mga pagpipilian sa pag-sort) sa pamamagitan ng pagpili ng mga pagsukat na gusto mong pagkumparahin. Pagkatapos ay piliin ang button na **Apply Filter**.

8. Ipinapakita ng Antas ng Pagganap (o mga kulay) para sa lahat ng mga tagapagpahiwatig ng estado (maliban sa Tagapagpahiwatig ng Kolehiyo/Career) sa Dashboard ang pinakamababang pagganap na nagpapakita ng panukat na nakaturo sa Pula at ang pinakamataas na pagganap na nagpapakita ng panukat na nakaturo sa Asul.

Isaayos Ayon sa

Pangalan ng Paaralan

Pagkakasunod-sunod ng  
Pagkakaayos

Pataas

I-filter ang mga Ulat

- ☒ Paulit-ulit na Pagliban
- ☒ Antas ng Suspensyon
- ☐ Pag-unlad ng Mag-aaral ng Ingles
- ☐ Antas ng Pagtatapos
- ☒ Kolehiyo/Career
- ☒ Sining ng Wikang Ingles
- ☐ Matematika

Apply Filter



Pula



Kahel



Dilaw



Berde



Asul

Pinakamababang  
pagganap

Pinakamataas  
na pagganap

Para sa higit pang impormasyon sa pagganap para sa lahat ng tagapagpahiwatig ng estado, tingnan ang flyer na Pagkilala sa Dashboard ng Paaralan sa California Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) sa webpage ng Dashboard ng Toolkit ng Komunikasyon sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/dashboardtoolkit.asp>.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Dashboard ng Paaralan sa California at Sistema ng Suporta ng CDE sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp>.

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa [dashboard@cde.ca.gov](mailto:dashboard@cde.ca.gov).



Hulyo 2024